

SAKIT NA TUBERKULOSIS (TB)

(TUBERCULOSIS DISEASE)



Ang Tuberkulosis, o “TB,” ay isang sakit na dulot ng mga mikrobyo na tinatawag na *Mycobacterium tuberculosis* bakterya. Hindi lahat ng may mikrobyo ng TB sa kanilang katawan ay nagkakasakit. Mayroong dalawang kondisyon na sanhi ng bakterya ng TB: [latent TB infection \(latent TB na impeksyon\) \(LTBI\)](#) at sakit na TB. Ang ibig sabihin ng LTBI ay mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan na hindi nakakaramdam ng sakit. Ang tuberkulosis o sakit na TB ay kapag naging aktibo ang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan dahil hindi mapigilan ng iyong immune system ang paglaki nito.

Ang pagkakaroon ng sakit na TB ay nangangahulugan na magkakaroon ka ng mga palatandaan at sintomas ng karamdaman. Karaniwan, ang sakit na TB ay nakapasok sa baga, ngunit maaari rin itong makapasok sa mga lymph node, buto, kasukasan, at iba pang bahagi ng katawan. Kung ang sakit na TB ay nasa iyong baga o lalamunan, maaari mong mahawaan ng mga mikrobyo ng TB ang pamilya, mga kaibigan, at mga taong madalas mong nakakasama. Kung mayroon kang sakit na TB sa ibang mga bahagi ng iyong katawan tulad ng mga lymph node, buto, o kasukasan, kadalasan ay hindi mo maikakalat ang mga mikrobyo ng TB.



Paano ako nagkaroon ng TB?

- ▶ Ang mga mikrobyo ng TB ay kumakalat sa hangin mula sa isang tao patungo sa isa pa. Ang mga taong may sakit na TB ay maaaring makahawa sa iba kapag sila ay umubo, tumawa, kumanta, o bumahing. Kung nakalanghap ka ng hangin na may mikrobyo ng TB, maaari kang makakuha ng LTBI. Sa paglipas ng panahon, ang ilang taong may LTBI ay magpapatuloy na magkaroon ng sakit na TB.
- ▶ **Hindi** ka mahahawaan ng TB mula sa pakikipagkamay, pag-upo sa mga upuan sa banyo, o pagbabahagi ng pagkain at inumin.



Ano ang mga palatandaan at sintomas ng sakit na TB?

Kung mayroon kang sakit na TB, maaari kang magkaroon ng ilan o lahat ng mga sumusunod na palatandaan at sintomas:

- ▶ Ubo na tumatagal ng higit sa tatlong linggo
- ▶ Panginginig at lagnat
- ▶ Hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang
- ▶ Nanghihina o pagod
- ▶ Pananakit ng dibdib
- ▶ Pinagpapawisan sa gabi
- ▶ Umuubo ng dugo



Anong mga pagsubok ang magagamit para sa sakit na TB?

- ▶ Ang TB skin test (Mantoux test) o isang TB blood test ay magpapakita kung mayroon kang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.
- ▶ Ipinapakita ng chest x-ray kung natamaan ng mga mikrobyo ng TB ang iyong baga.
- ▶ Ang Sputum (plema) na pagsusuri ay nagpapakita kung ang mga mikrobyo ng TB ay nasa inilalabas na plema.
- ▶ Ang iyong doktor ay maaaring gumawa ng iba pang mga pagsubok upang hanapin ang sakit na TB sa ibang bahagi ng iyong katawan.



Paano ko malalaman kung mayroon akong sakit na TB sa aking baga?

- ▶ Isang positibong tuberculin skin test o TB blood test
- ▶ Isang abnormal chest x-ray
- ▶ Mga palatandaan at sintomas ng sakit na TB

BUREAU OF COMMUNICABLE DISEASES

www.dhs.wisconsin.gov/dph/bcd.htm | DHSDPHBCD@dhs.wi.gov

Wisconsin Department of Health Services | Division of Public Health





Paano ginagamot ang sakit na TB?

Ang tuberculosis ay isang malubhang sakit na maaaring gamutin sa tamang paggamot at mga gamot. Kung ikaw ay nasuri na may sakit na TB, kailangan mong uminom ng mga espesyal na gamot sa TB upang patayin ang mga mikrobyo ng TB.

- ▶ Ang mga mikrobyo ng TB ay malakas at nabubuhay nang mahabang panahon. Kakailanganin mong uminom ng gamot nang ilang sandali bago magsimulang bumuti ang iyong pakiramdam.
- ▶ Dapat mong ipagpatuloy ang pag-inom ng iyong mga gamot sa TB nang hindi bababa sa 6-9 na buwan.
- ▶ Kahit bumuti na ang iyong pakiramdam, huwag huminto sa pag-inom ng iyong gamot hanggang sa sabihin ng iyong doktor na ito ay ok.
- ▶ Mahalagang **ipagpatuloy ang lahat ng iyong appointment** sa iyong doktor hanggang sa matapos ang iyong paggamot sa TB. Aalagaan ka nang mabuti ng doktor at maaaring gumawa ng higit pang mga pagsusuri upang matiyak na ang lahat ng mga mikrobyo ng TB ay napapatay.
- ▶ Inumin ang iyong mga gamot sa TB sa parehong oras araw-araw.
- ▶ Huwag uminom ng beer, wine, o alak habang umiinom ng mga gamot sa TB.

Susuportahan ka ng mga kawani mula sa lokal na departamento ng kalusugan sa panahon ng iyong paggamot. Regular silang makikipagkita sa iyo para tingnan kang umiinom ng iyong mga gamot. Ito ay tinatawag na directly observed therapy (direktang sinusunod na therapy) (DOT). Tutulungan ka ng DOT na kumpletuhin ang iyong paggamot sa pinakamaikling panahon.



Anong mga masamang epekto ng gamot ang dapat kong hanapin?

Tulad ng lahat ng mga gamot, ang mga gamot na ginagamit upang gamutin ang sakit na TB ay maaaring magkaroon ng mga masamang epekto. Ang ilang mga tao ay umiinom ng mga gamot sa TB nang walang anumang problema. **Tumawag o magpatingin sa iyong doktor kung mayroon kang alinman sa mga masamang epekto na ito:**

- | | | |
|--|---|-----------------------------------|
| ▶ Pagduduwal* o pagsusuka | ▶ Malabong paningin o pagbabago sa iyong paningin | ▶ Sumasakit na mga kasukasuan |
| ▶ Walang gana | ▶ Tumutunog sa iyong mga tainga | ▶ Lagnat ng higit sa tatlong araw |
| ▶ Panginginig at lagnat | ▶ Problema sa pandinig | ▶ Pantal sa balat |
| ▶ Paninilaw ng mata o balat | ▶ Pagkahilo | ▶ Pagdurugo o madaling masugatan |
| ▶ Pamamanhid o pangingilig sa mga daliri o paa | | |

*Ang ilang mga tao ay medyo naduduwal kapag nagsimula silang uminom ng mga tableta. Kung mangyari ito sa iyo, subukang kumain ng kaunting pagkain kasama ang iyong (mga) tableta o inumin ito sa oras ng pagtulog. Kung nasusuka ka pa rin pagkatapos ng tatlong araw, tawagan ang iyong doktor.

